SGP The GEF Small Grants Programme 25 YEARS

gef

UNDP Empowered lives. Resilient nations.

Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa (Management Effectiveness Tracking Tool o METT)

Pag-uulat ng Tinutungo ng mga Protektadong Lugar: Ikalawang Edisyon

WWF for a living planet®

THE WORLD BANK

Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa (Management Effectiveness Tracking Tool o METT)

Pag-uulat ng Tinutungo ng mga
Protektadong Lugar: Ikalawang Edisyon

Isinalin at inimprenta ng GEF Small Grants Programme, may permiso mula sa WWF Philippines.

WWF. 2007. Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa (Management Effectiveness Tracking Tool o METT). Isinalin mula sa Ingles ng GEF Small Grants Programme, WWF and GEF SGP, Quezon City, Philippines.

Revised Edition published by WWF International
July 2007

ISBN: 978-2-88085-281-8

For further information please contact: Alexander Belokurov
WWF International Avenue du Mont Blanc CH-1196
Gland Switzerland

Tel: +41-22-364-9092
E-mail: abelokurov@wwfint.org

The material and the geographical designations in this report do not imply the expression of any opinion whatsoever on the part of WWF concerning the legal status of any country, territory or area, or concerning the delimitation of its frontiers or boundaries.

The Management Effectiveness Tracking Tool (METT) has been developed by Sue Stolton, Marc Hockings, Nigel Dudley, Kathy MacKinnon, Tony Whitten and Fiona Leverington.

Our thanks also go to those people who commented on drafts, including Rod Atkins, Alexander Belokurov, Neil Burgess, David Cassells, Archana Chatterjee, Peter Cochrane, Finn Danielsen, Jamison Ervin, Jack Hurd, Glenys Jones, Leonardo Lacerda, Rosa Lemos de Sá, Mariana Montoya, Marianne Meijboom, Sheila O'Connor, Christian Peter, Jamie Pittock Jeff Sayer and Liza Higgins-Zogib. The revised version follows the experiences and lessons learned from hundreds of applications of the METT and regional training workshops on using the METT. The original development of the Tracking Tool also benefited considerably from a consultant's report written by Antoine Leclerc, who interviewed many people in WWF's Indochina Programme about the Tracking Tool and their experience is reflected here.

Translated and published by The GEF Small Grants Programme, may permission from WWF Philippines.

Nilalaman

I. Konteksto: Pagsubaybay sa mga Target 6
II. Ang Balangkas ng WCPA 9
III. Layunin ng Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa ng WB/WWF 11
IV. Mga Talang Gabay sa Paggamit ng Instrumento sa Pagsubaybay 13
V. Mga Data Sheet at Questionnaire 17

I. Konteksto: Pagsubaybay sa mga Target

Tumataas ang pangamba ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar na hindi nakakamit ng maraming protektadong lugar sa mundo ang mga layunin kung bakit itinatag ang mga ito. Isang tugon rito ay ang pagbibigay-diin sa pangangailangang taasan ang bisa ng pangangasiwa ng protektadong lugar, at, bilang tugon, bumuo ng mga instrumento sa paglalagom at paghahalaw ng aral (*assessment tools*) upang sistematikong masuri ang mga paraan ng pangangasiwa. Dahil sa malawak na mga sitwasyong kinapapalooban at mga pangangailangan ng mga protektadong lugar, malinaw na may pangangailangan sa iba't ibang paraan ng pagtatasa (*assessment*). Binuo ng World Commission on Protected Areas (WCPA) ang isang 'balangkas' (framework) ng paglalagom at paghahalaw ng aral (*assessment*).[1] Layunin ng balangkas na ito ng WCPA na maglatag ng pangkalahatang gabay sa pagbubuo ng mga sistema ng pagtatasa at makatulong na makapaglatag ng mga pamantayan (*standard*) ng mga ganitong paglalagom at paghahalaw ng aral, at pag-uulat ng mga ito.

Nakabatay ang balangkas na ito ng WCPA (WCPA Framework) sa ideya na may anim na yugtong sinusunod o elementong isinasaalang-alang para sa maayos na pangangasiwa ng protektadong lugar. Nagsisimula ito sa pag-unawa sa **konteksto** ng umiiral na mga pagpapahalaga sa protektadong lugar at mga bantâ na maaaring makapaminsala rito. Tumutuloy ito sa isang **pagpaplano** (*planning*), na may kaukulang paglalaan o **ipinapasok** (*input*) na anumang rekurso o **yaman** (resource). Ang **mga proseso** (*processes*) ng pangangasiwa sa paglikha ng mga **produkto at serbisyo** (*outputs*) ay may **mga kinahihinatnang resulta** (*outcomes*).

Binuo noong Abril 1988 ang World Bank/ WWF Alliance for Forest Conservation and Sustainable Use ('ang Alyansa'), bilang tugon sa nauubos na samu't saring buhay sa gubat at mga produkto at serbisyong nakasalalay sa gubat, na mahahalagang sangkap para sa tuloy-tuloy at likás-kayang pag-unlad (*sustainable development*). Tinarget ng Alyansa ang isang programang nakakawing sa mabisang pangangasiwa ng mga protektadong gubat: *75 milyong ektarya ng umiiral na protektadong gubat ang isinailalim sa pinaigting na pangangasiwa upang makamit ang nais kahinatnang konserbasyon at kaunlaran pagsapit ng 2010*. Upang masuri ang tinutungong target, inilathala ng

1 Hockings, M., S. Stolton, F. Leverington, N. Dudley and J. Courrau (2006); Assessing Effectiveness – *A Framework for Assessing Management Effectiveness of Protected Areas*; 2nd Ed. IUCN, Switzerland, www.iucn.org/themes/wcpa/pubs/guidelines.htm#effect2.

Alyansa noong 2003 ang isang simpleng instrumento sa pagsubaybay (*Tracking Tool*) na nakaangkop sa pangangailangan ng lugar kung saan mismo matatagpuan ang protektadong lugar. Isinagawa ito upang mapabilis ang pag-uulat ng epektibo o mabisang pangangasiwa ng mga protektadong lugar na saklaw ng mga proyekto ng WWF at World Bank.

Bukod rito, isinaad rin ng 2005 Millennium Ecosystem Assessment Synthesis Report na: "… mayroon pa ring mga kakulangan o guwang (*gaps*) sa distribusyon ng mga protektadong lugar, lalo sa mga dagat at tubig-tabang," at "nasa higit na malalang sitwasyon, kumpara sa iba pang mga ekosistema, ang kondisyon ng samu't saring buhay sa mga katubigang nasa kalupaan (*inland water*), at ang kalagayang ito ay bunga ng pagliit ng saklaw na nasasakupan ng mga latian (*wetland*) at pagbaba ng kalidad ng tubig sa mga *inland water*." Tinarget ng Ramsar Convention on Wetlands (www.ramsar.org) ang 250 milyong ektarya ng latian upang isailalim sa mahusay na pangangasiwa, at tinarget naman ng Convention on Biological Diversity na makamit sa 2010 ang pagsailalim sa konserbasyon bilang protektadong lugar ang 275 milyong ektaryang kanlungan ng kalikasan (*habitat*) na nasa mga inland water. Itong mga ekosistemang ito ay hindi masyadong napasasailalim sa konserbasyon kumpara sa iba pang kanlungan ng kalikasan sa kalupaan. Ito ay dahil sa di-wastong pangangasiwa ng tubig dito, lalo ng tubig na dumadaloy buhat sa mga imbak o catchment sa labas ng protektadong lugar. Nirebisa ang kasalukuyang bersyon ng Instrumento sa Pagsubaybay upang higit na mapag-aralan ang pangangasiwa ng mga ekosistemang wetland sa loob ng mga protektadong lugar, at mapag-aralan ang pagsasanib ng konserbasyon ng wetland at mga ekosistemang nasa lupain (eksosistemang terrestrial o *terrestrial ecosystem*).

Itong Instrumento sa *Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa* (Management Effectiveness Tracking Tool o METT) ay kabilang sa serye ng mga instrumento sa pagsubaybay ng epektibong pangangasiwa na ginagabayan ng WCPA Framework. Kabilang rin sa serye ang *WWF Rapid Assessment and Prioritisation Methodology*, na ginagamit sa pagtukoy ng mga susi o pangunahing protektadong lugar na may mga bantâ na maaaring makapinsala sa mga ito, at konteksto ng pagkakasama

nito sa loob ng malawak na sistema ng mga protektadong lugar. Ginagamit rin ang metodolohiya sa mga detalyadong sistema ng pagmonitor, tulad ng sistema ng proyektong *Enhancing our Heritage* ng UNESCO natural World Heritage sites. Ang pagkakaroon ng maraming mapagpipiliang instrumento ay makatutulong sa mga bansang matupad ang kanilang mga komitment na nilagdaan nila sa Convention on Biological Diversity (CBD). May 188 na bansang kasama sa 7th CBD Conference of the Parties noong 2004 ang sumang-ayon sa *Programme of Work on Protected Areas*,[2] isa sa mga ambisyosong estratehiya para sa kalikasan sa kasaysayan ng konserbasyon. Bilang bahagi ng programa, nangako ang mga miyembrong bansa na bumuo ng sistema ng paglalagom at paghahalaw ng aral (*system of assessment*) na inaasahang makapag-uulat sa 2010 na 30 porsiyento ng kanilang protektadong lugar ay maituturing na epektibong napangangasiwaan.[3]

2 Decision VII/28 of the seventh meeting of the Conference of the Parties to the Convention on Biological Diversity, www.biodiv.org/decisions/default.asp?m=COP07&id=7765&lg=0.

3 Dudley, N., K. J. Mulongoy, S. Stolton, S. Cohen, C. V. Barber and S. B. Gidda (2005); *Towards Effective Protected Area Systems: An action guide to implement the Convention on Biological Diversity*.

II. Ang Balangkas ng WCPA

Upang higit na malinang ang potensyal ng mga protektadong lugar, at upang mapaunlad ang mga proseso ng pangangasiwa, kailangan nating maunawaan ang mga kalakasan at kahinaan ng ating pangangasiwa at ang mga bantâ na ating hinaharap sa pangangasiwa. May inihahaing malawak na balangkas ang World Commission on Protected Areas na puwedeng maging batayan sa paglalagom at paghahalaw ng aral (*assessment*) ng epektibong pangangasiwa ng mga protektadong lugar at mga sistema ng protektadong lugar. Mahalaga ito upang makapagbigay ng gabay sa mga tagapangasiwa at sa iba pa, at upang gawing magkakawangis o magkakatulad ang iba't ibang instrumento sa paglalagom at paghahalaw ng aral na ginagamit sa buong mundo.

Nakatala sa **Table 1** ang buod ng mga elemento ng Balangkas ng WCPA at ang mga pamantayan na maaaring suriin upang makapaglagom at makapaghalaw ng aral.[4] Dinisenyo itong Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa (METT) ng World Bank/ WWF upang masuri sa ebalwasyon ang mga elementong nakapaloob sa Balangkas ng WCPA.

Ginawang simple ang pagkakasunod ng mga tanong dito sa Instrumento sa Pagsubaybay nang sa gayon ay mas mapabilis ang pagkumpleto nito; ang mga elementong tinutukoy sa bawat tanong ay nasa unang kaliwang column ng assessment form, naka-italics (pahilig ang pagkakasulat) para madaling masangguni (tingnan ang pahina 14 at mga kasunod nitong pahina).

4 Para sa kopya ng WPCA Framework (Balangkas ng WPCA) o sa isang mas detalyadong buod nito, sangguniin ang WCPA website sa: www.iucn.org/themes/wcpa o mag-email sa wcpa@hq.iucn.org

Table 1. Buod ng Balangkas ng WCPA.

Mga elemento ng ebalwasyon	Paliwanag	Mga pamantayang sinusuri	Tuon (focus) ng ebalwasyon
Konteksto	**Nasaan na tayo ngayon?** Paglalagom at paghahalaw ng aral sa kahalagahan, mga bantâ, at kontekstong pampatakaran (*policy environment*)	- Halaga (*Significance*) - Bantâ (*Threats*) - Lantad sa kapahamakan (*Vulnerability*) - Pambansang konteksto (*national context*) - Mga katuwang	Katayuan o Kondisyon (*Status*)
Pagpaplano	**Saan ba natin gustong makarating?** Paglalagom at paghahalaw ng aral sa disenyo at pagpaplano ng protektadong lugar	- Mga batas at patakaran sa protektadong lugar - Disenyo ng sistema ng protektadong lugar - Disenyo ng reserve - Pagpaplano ng pangangasiwa	Kaangkupan (*Appropriateness*)
Mga Input	**Ano ang mga kailangan natin?** Paglalagom at paghahalaw ng aral sa mga rekurso (*resources*) na kailangan upang maisakatuparan ang pangangasiwa	- Resourcing of agency - Resourcing of site	Mga kailangang gamit o rekurso (*Resources*)
Mga Proseso	**Paano natin maisasakatuparan ang mga ito?** Paglalagom at paghahalaw ng aral sa mga pamamaraan kung paanong isinasagawa ang pangangasiwa	- Kaangkupan ng mga prosesong pampangasiwaan	Kahusayan at kaangkupan (*Efficiency and appropriateness*)
Mga Resulta (Output)	**Ano ang mga resulta?** Paglalagom at paghahalaw ng aral sa implementasyon ng mga programa at gawain sa pangangasiwa; paghahatid ng mga produkto at serbisyo	- Resulta ng mga gawaing pampangasiwaan - Mga serbisyo at produkto	Pagiging mabisa o epektibo (*Effectiveness*)
Mga Kahihinatnan (Outcomes)	**Ano ang ating nakamit?** Paglalagom at paghahalaw ng aral sa mga kinahinatnan at saklaw ng mga nakamit na layunin	Mga Impact: Mga epekto ng pangangasiwa kaugnay ng mga layunin	Pagiging epektibo at angkop (*Effectiveness and appropriateness*)

Programme of Work on Protected Areas, CBD Technical Series number 18, Secretariat of the Convention on Biological Diversity, Montreal, www.biodiv.org/doc/publications/cbd-ts-18.pdf

III. Layunin ng Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa (Management Effectiveness Tracking Tool)

Binuo itong Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa o Management Effectiveness Tracking Tool (METT o Tracking Tool o Instrumento sa Pagsubaybay) upang makatulong sa pagmonitor ng tinutungo at matantsa kung nararating ng World Bank/WWF Alliance ang target nitong epektibong pangangasiwa para sa lahat ng protektadong lugar sa buong mundo. Inaasahan ring gagamitin itong Instrumento sa Pagsubaybay upang makatulong sa lalong higit pang epektibong pangangasiwa; halimbawa, obligado nang ito ang instrumentong ginagamit ng mga proyekto sa protektadong lugar na saklaw ng Global Environment Facility, at kailangang gamitin ang instrumentong ito ng tatlong beses sa kabuuang panahon ng proyekto. Isinaayos rin ang instrumentong ito para umangkop sa mga ispesipikong pangangailangan ng mga pambansang sistema ng protektadong lugar. Dito rin maaaring makita ng mga manager kung nakasasabay o nakakamit ng kanilang mga protektadong lugar ang mga ipinangako nito sa ilalim ng Convention on Biological Diversity at ng Ramsar Convention on Wetlands.

Ang mga orihinal na layunin ng Instrumento sa Pagsubaybay ay batay sa mga kinakailangan nitong gawin o makamit:

- May kakayahan itong makapagbigay sa World Bank at WWF ng magkakaparehong instrumento sa paglalagom at paghahalaw ng aral buhat sa mga protektadong kagubatan;
- Maaari itong gayahin o ulitin;
- Makapagbibigay ito ng tuloy-tuloy na datos upang masubaybayan ang tinutungo ng pangangasiwa sa paglipas ng panahon;
- Medyo mabilis at madali itong makumpleto ng staff ng protektadong lugar, upang hindi masyadong umaasa sa mataas na antas ng pinagkukunan ng pondo o iba pang pangangailangan
- Maaaring makapagbigay rito ng marka (*score*), kung kinakailangan ;
- Mapagtitibay nito ang sistema ng pagmamarka (scoring system), ayon sa pagpili sa alinman sa apat na nakahaing sagot sa bawat isang tanong;
- Madali itong maunawaan ng mga ordinaryong mamamayan, na hindi mga espesyalista; at
- Nakapaloob ito sa mga umiiral na sistema ng pag-uulat nang sa gayon ay maiwasan ang pag-uulit ng trabaho.

Nirebisa ang bersyong ito ng Instrumento sa Pagsubaybay, at pinalawak ang mga orihinal nitong layunin, upang madali itong magamit sa mga terrestrial na protektadong lugar, lalo sa mga protektadong wetland. (Paalala: may isa pang binuong bersyon ang World Bank na Instrumento sa Pagsubaybay para sa mga protektadong lugar sa dagat o marine protected areas.[5])

Mga Pakay ng Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa (METT)

Pakay nitong Instrumento sa Pagsubaybay na iulat ang tinutungo ng epektibong pamamahala. Hindi nito pinapalitan ang anumang higit na instrumentong makapagbibigay ng paglalagom at paghahalaw ng aral para sa tinatawag na adaptive management (pangangasiwang iniaangkop sa lugar). Binuo at pinaunlad ang instrumentong ito para mabilis na makapagbigay ng pangkalahatang tinutungo ng bawat protektadong lugar sa epektibong pangangasiwa nito. Maaaring ang manager o mga staff ng protektadong lugar ang sumagot sa instrumentong ito. Malinaw kung gayon kung ano lamang ang maaaring magawa ng instrumentong ito. Hindi sapat ang instrumentong ito upang makapagsagawa ng isang independiyenteng paglalagom. Hindi rin pwedeng gamitin ang instrumentong ito bilang kaisa-isang batayan ng anumang estratehiya para sa pangangasiwang iniaangkop sa lugar.

Dahil sa malawak na pagkakaiba ng mga inaasahan (*expectations*), rekurso o gamit (*resources*), at pangangailangan (*needs*) ng pangangasiwa sa buong mundo, hindi maaaring gamitin itong Instrumento sa Pagsubaybay upang pagkumparahin ang mga protektadong lugar: ang sistema ng pagmamarka (*scoring system*), sakali mang gagamitin ito, ay angkop lamang sa iisang lugar o sa mga magkakaugnay na lugar. Subalit nagamit na ang instrumentong ito sa pagtukoy ng mga tunguhin o nagkakahawig na katangian ng pangangasiwa ng mga protektadong lugar sa iba't ibang pook.[6]

Panghuli, napakalimitado nitong Instrumento sa Pagsubaybay upang makapagbigay ng detalyadong ebalwasyon ng mga kinahinatnan (*outcomes*) ng pangangasiwa. Ang tanging maibibigay nito ay isang pangkalahatang ideya, sa mabilis na paraan, sa mga yugto at elementong binanggit sa WCPA Framework, subalit hanggang resulta lamang (*output*), hindi kabilang ang *outcome*. Anu't anuman, gaano man kahusay ang pangangasiwa, subalit kung patuloy namang lumiliit, nababawasan, o nawawala ang samu't saring buhay, hindi masasabing nakakamit natin ang mga layunin ng pangangasiwa ng protektadong lugar. Kung gayon, tagibáng o may kawalan ng proporsyon sa instrumentong ito sa mga tanong na may kinalaman sa pag-aaral ng mga kondisyon ng pagpapahalaga sa pangangasiwa.

5 World Bank (2004); Score Card to Assess Progress in Achieving Management Effectiveness Goals for Marine Protected Areas, Adapted by F. Staub and M. E. Hatziolos, World Bank, Washington DC.

6 Dudley, N., A. Belokurov, O. Borodin, L. Higgins-Zogib, M. Hockings, L. Lacerda and S. Stolton (2004); Are protected areas working? An analysis of forest protected areas by WWF, WWF International, Gland.

IV. Mga Talang Gabay sa Paggamit ng Instrumento sa Pagsubaybay

Dinisenyong simple at isang mabilis na sistema ng paglalagom at paghahalaw ng aral itong Instrumento sa Pagsubaybay ng Epektibong Pangangasiwa. Kinikilala namin na pwedeng magkaroon ng ilang pagbabago sa pagkumpleto nito, depende sa pagkakataon at oras na ito ay sinasagutan. Subalit sinisimulan na ring gamitin ang instrumentong ito upang makapagbigay ng mga mapapakinabangang datos tungkol sa protektadong lugar sa buong mundo. Kung kaya't hinihikayat namin kayo na magdagdag na lamang ng mga tanong na akma sa mga sirkumstansya sa inyong mga lugar, kaysa baguhin ang instrumentong ito.

Ang mga sumusunod na gabay sa proseso ng pagkumpleto ng instrumento ay makatutulong sa masinop, mapagkakatiwalaan at mapakikinabangang assessment ng epektibong pangangasiwa. Maaari ring maghanda ng mga gabay na espesipiko sa lugar o may pambansang saklaw; makatutulong ito sa pagbibigay ng karagdagang konteksto sa pagkumpleto ng instrumento buhat sa mga network o sistema ng protektadong lugar. May mga pangkalahatang gabay sa paggawa ng assessment ng epektibong pamamahala sa WCPA Framework.[7]

Proseso sa pagkumpleto ng Instrumento sa Pagsubaybay

Naglalaman itong Instrumento sa Pagsubaybay ng mga tanong na dinisenyo upang madaling masagutan ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar nang hindi kinakailangang magsagawa ng karagdagang pananaliksik. Subalit makatutulong kung rerepasuhin muna ang mga resulta ng mga umiiral na monitoring. Maganda ring maglaan ng sapat na oras sa pagtalakay ng bawat aspekto ng pangangasiwa na sinusuri nang sa gayon ay mayroong mas matibay na desisyon sa mga pipiliing sagot. Sa maraming pagkakataon, kakailanganin ang tulong ng iba pang staff ng protektadong lugar o iba pang ahensya upang sagutin ang mga tanong sa instrumentong ito. Kung kakayanin, maganda ring hingin ang tulong ng mga eksperto buhat sa labas, mga lider ng mga lokal na komunidad, at iba pang may interes sa lugar at sa pangangasiwa nito.

7 Hockings, M., S. Stolton, F. Leverington, N. Dudley and J. Courrau (2006); Assessing Effectiveness – A Framework for Assessing Management Effectiveness of Protected Areas; 2nd Ed. IUCN, Switzerland

Kung ang isinasagawa ay mga inuulit na assessment, makabubuti kung isasamang muli ang mga miyembro ng grupo na kabilang sa paggawa ng mga naunang assessment. Sakaling hindi ito possible, makatutulong na konsultahin ang mga isinagot ng mga kasamahan sa mga naunang paggawa ng assessment. Makakaaambag ang mga datos na ito sa kasalukuyang isinasagawang paglalagom at paghahalaw ng aral.

Estruktura at laman ng Instrumento sa Pagsubaybay

May dalawang seksyon ang Instrumento sa Pagsubaybay: ang data sheet at ang assessment form. Kailangang kumpletuhin ang parehong seksyon.

1. **Mga Data sheet:** Naglalaman ang data sheet ng dalawang magkahiwalay na seksyon:

- Data sheet 1: itinatala rito ang mga detalye ng assessment at ilang batayang impormasyon tungkol sa lugar, tulad ng pangalan, lawak at lokasyon, atbp. Kung kakayanin, ilagay rin ang site code na nakatala sa World Database on Protected Area (WDPA) para sa inyong protektadong lugar. Makikita ang WDPA sa website ng UNEP-World Conservation Monitoring Centre sa: www.unep-wcmc.org/wdpa. Kailangan ring itala rito ang ibang impormasyon tungkol sa konteksto, tulad ng designasyon sa antas lokal, halimbawa, national park, national reserve, atbp., ayon sa mga kategorya ng IUCN protected area management,[8] pag-aari nito, bilang ng staff, at pondo. Impormasyon naman tungkol sa international designation ang itatala sa ikalawang sheet: hal. UNESCO World Heritage, Man and Biosphere site, at Ramsar wetland site.

- Data sheet 2: naglalaman ng listahan ng mga bantâ na maaaring harapin ng mga protektadong lugar. Sa data sheet na ito, hinihiling sa sumasagot ng form na tukuyin ang mga bantâng ito, at bigyan ng rank o ranggo ang impluwensya ng mga bantâng ito sa protektadong lugar.[9]

2. **Assessment Form:** may kabuuang 30 tanong, at ang mga ito ay nasa loob ng isang table na may tatlong column, kung saan maaaring itala ang mga detalye ng assessment, at **lahat ng ito ay kailangang kumpletuhin**.

8 IUCN, CNPPA and WCMC (1994); Guidelines for Protected Area Management Categories, Gland, Switzerland, www.iucn.org/themes/wcpa/pubs/guidelines.htm#categories

9 Ang listahan ng mga bantâ ay halaw mula sa Conservation Measures Partnership Taxonomy of Direct Threats (see http://fosonline.org/CMP/IUCN/browse.cfm?TaxID=DirectThreats) and uses the same numbering system.

- ***Mga tanong at marka (score):*** may **nakalaang marka o score na maaaring piliin** sa bawat tanong mula ***0 (hindi mabuti o poor*)** ***hanggang 3 (pinakamahusay o excellent)***. May apat na mapagpipiliang sagot sa bawat tanong. Pumili lamang ang sumasagot ng pinakaakmang isa sa alinman sa apat na ito. May mga kaakibat ring tanong na naglalaman at makapagpapaliwanag ng mga pangunahing tema na ibinibigay ng sumasagot. May angkop na marka sa bawat kaakibat na tanong na ito.

  Ang ganitong pagtatanong ay nakapagmumungkahi ng pagtatantsa ng prosesong nais malaman. May mga pagkakataong wala ni isa man sa apat na iminungkahing sagot ang akma sa mga sitwasyon o kondisyon ng protektadong lugar. Sa ganitong sitwasyon, hinihiling na sagutan pa rin ito ng sa tingin ninyo na pinakaangkop o pinakamalapit na sagot, at gamitin ang seksyon sa komento/paliwanag upang mapalawig o mailinaw ang piniling sagot. ***Ang mga tanong na talagang walang kinalaman sa mga partikular na kondisyon ng protektadong lugar ay hindi kinakailangang sagutin***, subalit lagyan ng paglilinaw sa seksyon ng komento/paliwanag (halimbawa, sa mga tanong tungkol sa paggamit sa protektadong lugar at mga bisita ay maaaring walang kinalaman sa inyong protektadong lugar kung nakaayon ito sa Category 1a ng IUCN protected area management).

  Ang pinakamataas na marka o score para sa lahat ng 30 tanong, kabilang ang mga karagdagang tanong, ay 99. Ang kabuuang marka sa pagkumpleto ng assessment ay ***maaaring kalkulahin bilang porsyento ng 99 o ng kabuuang marka sa mga tanong na akma lamang sa partikular na protektadong lugar***. (Tulad ng binanggit na, kung hindi bagay o hindi akma ang tanong, hindi na ito ibibilang sa kabuuang pagmamarka, at kailangan itong itala sa column ng komento/paliwanag.) Kaya kung nakakuha ang protektadong lugar ng marka o score na 65 na mayroong posibleng pinakamataas na score na 87, ang porsyento nito ay 75%; hahatiin ang 65 sa 87 at imu-multiply ito sa 100 (65 ÷ 87 x 100 = 75%).

  Hindi maitatatwa na may mga problema rin ang buong konsepto ng pagbibigay ng marka o "scoring." May posibilidad na ang mga marka ay may pagkukulang o kaya naman ay makapagdudulot ng distorsyon sa kondisyon o tinutungo ng protektadong lugar. Halimbawa, ipinagpapalagay ng kasalukuyang sistema ng pagmamarka na pantay-pantay

ang mga isyu na itinatanong, gayong hindi naman pantay-pantay ang mga isyung ito sa maraming pagkakataon. Makapagbibigay ang score ng medyo maayos na pagtatantsa sa epektibong pangangasiwa kung ang mga markang ito ay kakalkulahin bilang porsyento sa bawat isa sa anim na elemento ng WCPA Framework (konteksto, pagpaplano, mga input, mga proseso, mga kahihinatnan o output, at assessment o paglalagom at paghahalaw ng aral).

- ***Komento/Paliwanag:*** may *box* o kahon sa bawat tanong na puwang para sa mga sagot o detalye na kailangang ipaliwanag; ***qualitative judgements*** ang tawag sa mga sagot na ito. Ito ay maaaring kaalamang batid ng staff (sa maraming pagkakataon, ang kaalaman ng staff ang pinakamalapit sa totoong nagaganap sa protektadong lugar o kaya naman ang kanyang kaalaman ay ang pinakamaaasahang impormasyon), isang dokumento na puwedeng maging sanggunian, resulta ng monitoring o ng iba pang pag-aaral o assessment. Ang halaga ng puwang para sa komento/paliwanag ay upang mabigyan ng ideya ang sinumang babasa ng sinagutang form kung bakit at paanong isinasagawa ang paghahalaw o paglalagom ng aral.

  Napakahalaga na makumpleto ang box o kahong ito – magbibigay ito ng kumpiyansa sa resulta ng assessment kung gagawing bukás (*transparent*) ang batayan ng paggawa ng desisyon. Maaari itong sangguniin (*reference point*) at makapagbibigay rin ito ng impormasyon na maaaring magamit ng staff sa ibang araw. Maaari ring magsulat ng mga komento, tulad ng kung bakit hindi sinagutan ang isang partikular na tanong.

- ***Mga Susunod na Hakbang:*** sa bawat tanong, hinihiling rin sa sumasagot ng form na magtukoy ng mga maaaring gawin upang mapaunlad ang paggampan sa pangangasiwa.

Mga Talang Gabay sa Paggamit ng Instrumento sa Pagsubaybay

Pangalan, kinabibilangang institusyon o organisasyon, at paanong makokontak ang taong sumasagot nitong Instrumento sa Pagsubaybay ng Tinutungo ng Protektadong Lugar (email, etc.)				
Petsa ng pagtatása o assessment				
Pangalan ng protektadong lugar				
Code ng lugar batay sa WDPA (sangguniin ang code sa www.unep-wcmc.org/wdpa)				
Designasyon	Pambansa	Kategorya batay sa IUCN	International (pakisangguni ang kasunod na papel)	
Bansa				
Lokasyon ng protektadong lugar (probinsya, at mapa kung mayroon)				
Petsa ng pagkakatatag				
Detalye ng pag-aari (pakimarkahan ng √)	Estado/ Pamahalaan ☐	Pribado ☐	Komunidad ☐	Iba Pa ☐
Management Authority				
Lawak ng protektadong lugar (ektarya)				
Bilang ng kawani o staff	Permanente		Temporary o Pansamantala	
Budget bawat taon (US$ o PhP) – hindi kabilang ang sahod sa kawani o staff	Tiyak na pondo (*operational*)		Karagdagang pondo buhat sa ibang mapagkukunan o proyekto	
Ano-ano ang mga pangunahing dahilan ng designasyon ng lugar?				
Ilista ang dalawang pangunahing layunin ng pangangasiwa ng protektadong lugar				
Unang Pangunahing Layunin sa Pangangasiwa				
Ikalawang Pangunahing Layunin sa Pangangasiwa				
Bilang ng tao na sangkot sa pagkumpleto nitong assessment ng protektadong lugar				
Katuwang sa paggawa ng assessment: (pakimarkahan ng √)	Manager ng protektadong lugar (PA) ☐	PA Staff ☐	Iba pang staff ng nangangasiwang institusyon ☐	NGO ☐
	Komunidad ☐	Donor ☐	Mga eksperto mula sa ibang ahensya ☐	Iba pa ☐
Pakitala kung ang assessment na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng isang proyekto, sa ngalan ng organisasyon, institusyon o donor				

Impormasyon sa Pagkakadeklara na Protektadong Lugar buhat sa mga Grupong Pandaigdigan			
UNESCO World Heritage site (sangguniin ang: whc.unesco.org/en/list)			
Petsa ng pagkakatala ng deklarasyon	Pangalan ng lugar	Lawak ng lugar	Geographical co-ordinates
Pamantayan sa designasyon (hal. criteria i to x)			
Natatanging Halaga ng Protektadong Lugar			
Ramsar site (sangguniin ang: www.wetlands.org/RSDB)			
Petsa ng pagkakatala ng deklarasyon	Pangalan ng lugar	Lawak ng lugar	Geographical number
Dahilan ng Designasyon (sangguniin ang Ramsar Information Sheet)			
UNESCO Man and Biosphere Reserves (sangguniin ang: www.unesco.org/mab/wnbrs.shtml)			
Petsa ng pagkakatala ng deklarasyon	Pangalan ng lugar	Lawak ng lugar Kabuuan: Core: Buffer: Transition:	Geographical coordinates
Pamantayan ng pagkakadeklara			
Paggampan sa tatlong tungkulin ng MAB (konsebasyon, kaunlaran, suportang lohistikal)			
Pakisulat sa ibaba ang pagkakatala sa iba pang listahan (hal. ASEAN Heritage, Natura 2000) at iba pang makakatulong na detalye o impormasyon			
Pangalan:	Detalye:		
Pangalan:	Detalye:		
Pangalan:	Detalye:		
Pangalan:	Detalye:		
Pangalan:	Detalye:		
Pangalan:	Detalye:		

Mga Bantâ ng Pinsala sa Protektadong Lugar: Data Sheet 2

Pakimarkahan ng √ (tsek) ang lahat ng kauukulang bantâ ng pamiminsala (*threats*) o iyong mga nakasisira sa protektadong lugar. Ang bantâ ay maaaring mataas, katamtaman, o mababa. **Mataas ang bantâ** kung may aktuwal itong dulot na malubha o malalang pinsala sa protektadong lugar. **Katamtaman ang bantâ** kung may dulot pa rin itong malala o malubhang pinsala, subalit hindi kasinglala o singsama ng mataas na bantâ. **Mababa ang bantâ** kung naroroon ang bantâ, subalit hindi pa ito natatantyang nakakaapekto o hindi pa ito nakikitang nakakapaminsala. Itsek ang **N/A** (hindi angkop o hindi akma) kung wala ang kategorya para masabing makapamiminsala ito, o kung hindi angkop ang tanong para sa kategorya ng assessment ng protektadong lugar.

1. Paninirahan at mga komersyal na pagpapaunlad sa loob ng protektadong lugar

Mga bantang pinsala buhat sa sari-saring uri ng mga pamayanan ng tao at buhat sa iba pang gawaing may kinalaman sa paggamit ng lupang di-agrikultural na may palatandaan ng paggamit

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				1.1 Pabahay at paninirahan
				1.2 Mga lugar komersyal at industriyal
				1.3 Mga imprastruktura o establisimiyentong panturismo o para sa hayahay (recreation)

2. Agrikultura at aquaculture sa loob ng protektadong lugar

Mga bantang pinsala buhat sa pagsasaka at panginginain ng damo (*grazing*) dulot ng paglago at paglawak ng agrikultura, tulad ng *silviculture* (pagtatanim, pag-aalaga, pag-ani ng mga halaman o punong komersyal, tulad ng punongkahoy para pagtotroso), *aquaculture* (hal. fishpond), at *mariculture* (tulad ng *sea ranching*, *seaweed farming*, *pearl farm*, at iba pa)

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				2.1 Sakahan ng mga pananim na inaani taun-taon o pangmatagalan
				2.1a Taniman para sa mga halamang gamot (*Drug cultivation*)
				2.2 Kakahuyan o plantasyon ng puno para sa troso, panggatong, konstruksyon, sapal (*pulp*), at iba pa
				2.3 Pag-aalaga ng hayop (manukan, bakahan, atbp.) at lupang ginagamit sa panginginain ng damo ng mga alagang hayop
				2.4 Aquaculture at mariculture sa dagat o sa tubig-tabang

3. Paglikha ng enerhiya at pagmimina sa loob ng protektadong lugar

Mga bantang pinsala dulot ng paggamit ng mga tinatawag na *non-biological resources*

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				3.1 Paghuhukay sa pagkuha ng langis o gas
				3.2 Pagmimina at quarrying (pagtibag ng mga bato; pagkuha ng buhangin sa pampang, bahura, o ilog)
				3.3 Paglikha ng enerhiya (hal. hydropower dam, coal-fired power plant, iba pang plantang lumilikha ng enerhiya)

4. Transportasyon at daanan ng serbisyo sa loob ng protektadong lugar

Mga bantang pinsala buhat sa mga daanan ng transportasyon at mga linya ng mga pangkalahatang serbisyo, kabilang ang mga namamatay na hayop na dumadaan dito o napipinsalang halaman o likas-yaman na natatawiran ng mga imprastrukturang ito

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				4.1 Mga kalsada at riles (itala ang mga namamatay na hayop na dumadaan dito)
				4.2 Mga linya ng pangkalahatang serbisyo ng gas, tubig, kuryente, komunikasyon, at iba pa (hal. linya ng kuryente at telepono, mga antenna ng komunikasyon, linya ng gas sa ilalim ng dagat, linya ng tubig)
				4.3 Daanan ng mga barko o bangka
				4.4 Daanan ng eroplano o iba pang sasakyang panghimpapawid

5. Paggamit at masamang dulot ng paggamit ng mga rekursong may-buhay (*biological resources*) sa loob ng protektadong lugar.

Mga bantang pinsala sa paggamit ng mga iláng ("*wild*") na rekursong may-buhay (*biological resources*), kabilang ang epekto ng sinasadya at di-sinasadyang paghuli, pagpatay, pag-ani o pagkolekta ng mga ito; kabilang rin ang pagkontrol sa mga species ng hayop o halaman (at kabilang pa rin dito ang pangangaso [*hunting*], paghuli, pagpatay ng mga hayop, isda, at iba pang buhay-iláng [*wildlife*], at pagkolekta ng mga ito)

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				5.1 Pangangaso (*hunting*), pagpatay at pagkolekta ng mga hayop sa lupa o sa hangin (kabilang ang mga hayop na namamatay dahil sa sigalot o labanan ng tao at hayop o *wildlife conflict*)
				5.2 Pagkolekta ng mga halaman o anumang produktong halaman (*non-timber*)
				5.3 Pagtrotroso o pagkolekta o pag-ani ng mga kahoy o produktong kahoy
				5.4 Pangingisda, paghuli, pagpatay o pagkolekta ng mga isda, halamang dagat, at iba pang rekursong dagat, o pag-ani sa aquaculture

6. Panghihimasok o pakikialam ng tao sa loob ng protektadong lugar

Mga bantâ dahil sa mga gawain ng tao na nakapagpapabago, nakasisira o nakagugulo sa mga tirahan (*habitat*) at sa mga hayop, organismo o halaman na naninirahan rito. Ang mga bantâ sa tirahan at mga hayop, organismo o halaman na binabanggit rito ay iyong walang kinalaman sa pagkonsumo sa pagkain o iba pang katulad na paggamit sa mga rekursong may-buhay (*biological resources*).

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				6.1 Mga aktibidad para sa hayahay (*recreation*) o mga gawaing panturismo
				6.2 Giyera, labanan, gulong sibilyan, at mga gawain o pagsasanay militar
				6.3 Pananaliksik, pag-aaral, at mga kaugnay na gawain o trabaho sa protektadong lugar
				6.5 Sinasadyang paninira ng gamit, bandalismo, at iba pang mapaminsalang gawain, o bantâ sa seguridad ng nangangasiwa, *staff* o bisita ng protektadong lugar
				6.4 Mga gawain ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar (hal. konstruksyon, paggamit ng sasakyan, paglalagay ng mga lugar pandilig o imbakan ng tubig, at iba pa)

7. Pag-iiba o pagpapanibago ng mga likás o natural na sistema

Mga bantâ na dulot ng pagsira, pagpapalit-gamit, at pagbabagong-anyo ng tirahan (*habitat*) o lugar ng ekosistema, o pagpapanibago sa katangian ng ekosistema mismo

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				7.1 Sunog o pagpipigil ng sunog (kabilang ang *arson* o sadyang pagsunog)
				7.2 Dam, tangke o imbakan ng tubig, modipikasyon o pagbabago sa katangian ng tubigán lalo sa ugnayan nito sa kalupaan, at paggamit o pangangasiwa ng tubig at katubigan
				7.3a Mataas na *fragmentation* sa loob ng protektadong lugar, o mataas na pagkakahiwa-hiwalay ng mga bagay-bagay sa loob ng protektadong lugar; ibig sabihin, mahina o mababa ang koneksyon ng mga buhay sa protektadong lugar
				7.3b Pagkakabukod o pagkakahiwalay (*isolation*) sa iba pang *habitat* (hal. pagkakakalbo ng gubat, o mga dam, tangke ng tubig o iba pang hadlang na nagtatanggal o pumipigil sa likas na daluyan, daanan, tawiran, languyan o liparan ng mga sari-saring buhay)
				7.3c *Edge effects* o mga pagbabago sa populasyon o estruktura ng komunidad ng mga *species* na nasa *border* o pagitan ng border ng dalawang *habitat* (o tirahan); hal. sa pagitan ng *core zone* at *buffer zone*, o sa pagitan ng *buffer zone* at lugar na pwedeng pangisdaan o gamitin ng pamayanan ng mga tao
				7.3d Pagkawala ng mga *keystone species* o mga *species* na palatatandaan ng malusog na ekosistema; halimbawa ay pagkawala ng mga hayop na naninilà ng iba pang hayop (*top predators*), mga *pollinator* o mga insekto, hayop at iba pa na tumutulong sa pagbubuntis ng hayop, pamumunga ng halaman o pagpapataba ng lupa

8. Mga species at genes na agresibong sumasalakay o nakapamiminsala sa iba pang species at genes

Mga bantâ buhat sa mga katutubo at di-katutubong halaman, hayop, *pathogens/microbes* (*bacteria*, mikrobyo, mikroorganismo), at *genetic material* na aktuwal o posibleng agresibong makapanalakay o makasira sa iba pang *species* o *genes*, o maaaring makapaminsala o magkaroon ng masamang epekto sa kalusugan ng samu't saring buhay sa protektadong lugar. Nagaganap ang aktuwal o posibilidad na pananalakay, pamiminsala o paninira matapos maipasok (o nakapasok) o maisama, kumalat at lumaganap sa lugar ang *species* o *genes* na ito.

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				8.1 Dayo o di-katutubong halaman na mapaminsala (hal. ibang uri ng damo na sumisira ng kapwa halaman o ibang buhay)
				8.1a Dayo o di-katutubong hayop
				8.1b Mga pathogen o mikrobyo (katutubo o di-katutubo, subalit may dalang bagong problema o nagpapataas ng insidente ng dati nang problema)
				8.2 Mga bagong likhang genetic material (*introduced genetic material*, hal. *genetically modified organisms*)

9. Polusyon na pumapasok sa protektadong lugar o polusyong galing mismo sa loob ng protektadong lugar

Mga bantâng dulot ng mga bagay na galing sa labas (*introduction of exotic materials*) at mga labis na bagay o enerhiya na nanggagaling kung saan-saan.

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				9.1 Mga duming buhat sa kabahayan (*household sewage*) at maruming tubig buhat sa lungsod o dahil sa urbanisasyon (*urban wastewater*)
				9.1a Dumi at duming-tubig mula sa loob ng protektadong lugar (hal. toilet, hotel, at iba pa)
				9.2 Mga itinatapong dumi ng mga industriya, pagmimina at instalasyong militar (hal. di-wastong pagtatapon ng maruming tubig, kakaibang temperatura ng tubig, tubig na *de-oxygenated*, iba pang polusyon)
				9.3 Mga duming likha ng agrikultura at pangangasiwa ng gubat (hal. mga katas ng fertilizer at pestisidyo)
				9.4 Mga basura at iba pang basurang buo at di-lusaw (*solid waste*)
				9.5 Mga dumi o pollutant na nasa hangin (*air-borne pollutants*)
				9.6 Labis na enerhiya (hal. matinding init o *heat pollution*, matinding liwanag, atbp.)

10. Mga kagapanan o pangyayaring heolohikal

Maaaring makapagdulot ng natural na pagbabago sa kaayusan ng maraming ekosistema ang mga kaganapang heolohikal (*geological events*) o mga pangyayaring may kinalaman sa pagbabago ng lupa. Ang mga ito ay pwedeng maging bantâ kung matitinag o mapahihina ng mga pangyayaring ito ang katatagan ng isang *species* o *habitat* (*tirahan*), na makapagbubukas sa mga ito sa kapahamakan o pagkasalanta (*vulnerable to disturbance*). Maaaring hindi sapat ang kapasidad na pangasiwaan ang mga protektadong lugar sa bantâ ng mga kaganapang ito.

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				10.1 Bulkan
				10.2 Lindol/Tsunami
				10.3 Ragasa ng yelo (*avalanche*)/ Pagguho ng lupa (*landslide*)
				10.4 Pagkatibag o pagkaagnas ng lupa (erosion), pagbanlik o mabuhanging putik (siltation), pagdagdag ng deposito ng banlik (deposition), hal. pagbabago sa pampang o alulusan ng ilog o higdaan sa subá (riverbed)

11. Pagbabago sa klima o matindi at mapaminsalang masamang panahon

Mga bantâ buhat sa pangmatagalang pagbabago sa klima, na maaaring dulot ng pagtaas ng temperatura ng mundo (*global warming*) at iba pang matitinding samâ ng panahon na lagpas na sa normal na hanggahan ng mga baryasyon, pagbabago o pagkakaiba-iba (*range of variation*)

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				11.1 Pagbabago sa tirahan o kanlungan ng kalikasan (*habitat*)
				11.2 Mga tagtuyot
				11.3 Matinding temperatura (sobrang init o sobrang lamig)
				11.4 Mga bagyo at pagbaha

12. Mga espisipikong bantâng kultural o panlipunan (*cultural and social threats*)

Mataas	Katamtaman	Mababa	N/A	
				12.1 Pagkawala ng pagkakaugnay o pagkakaugat sa kultura, paglaho ng mga kaalamang tradisyonal at mga katutubong pamamaraan ng pangangasiwa
				12.2 Natural na pagkasira ng kahalagahan (*values*) ng mga *cultural site* o lugar ng kalinangan
				12.3 Pagkasira ng mga gusali, lugar, halamanan at iba pa na maituturing nang pamana ng lahi (*cultural heritage*)

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
1. Katayuan o estadong legal	Hindi pa naitatala o nailalathala ang protektadong lugar sa isang opisyal na pahayagan (*gazette*) o sa isang legal na dokumentong kasunduan (*covenant*).	0			
May batayan bang legal ang protektadong lugar (o kung sa kaso ng mga reserve na pribado, mayroon ba itong dokumentong kasunduan o katulad na batayan)?	Pinagkaisahan nang ilalathala ang protektadong lugar sa isang opisyal na pahayagan (*gazette*) o sa isang legal na dokumentong kasunduan (*covenant*), subalit hindi pa nasisimulan ang prosesong ito.	1			
Konteksto	Nasa proseso na ang protektadong lugar sa pagtatala rito sa isang opisyal na pahayagan (*gazette*) o isang legal na dokumentong kasunduan (*covenant*), subalit hindi pa kumpleto o tapos ang proseso (isama ang mga lugar na hinirang sa ilalim ng mga kombensyong internasyunal [international conventions], tulad ng Ramsar, o kasunduan ayon sa mga lokal o katutubong batas na maaaring wala pang pambansang katayuang legal)	2			
	Pormal nang nailathala ang protektadong lugar o may legal na itong nakasulat na kasunduan.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
2. Mga regulasyon o panuntunan ng protektadong lugar	Walang anumang regulasyon o panuntunan sa paggamit at iba pang gawain sa lupa (o dagat) ng protektdong lugar.	0			
Naisaayos na ba ang panuntunan para sa maayos na regulasyon ng gamit sa lupa (o dagat) at iba pang gawain rito (hal. pangangaso [hunting])?	Mayroon nang ilang regulasyon o panuntunan sa paggamit at iba pang gawain sa protektadong lugar, subalit ang mga ito mismo ang siyang pangunahing kahinaan.	1			
	Mayroon nang sapat na regulasyon o panuntunan sa paggamit at iba pang gawain sa protektadong lugar, subalit mayroon pang ilang butas o kahinaan sa mga ito.	2			
Pagpaplano	Mayroon nang mga regulasyon o panuntunan sa paggamit at iba pang gawain sa protektadong lugar, lalo sa pagkontrol ng mga di-akmang gamit ng lupa (o dagat). Nagsisilbing batayan ang mga regulasyong ito sa mabisang pangangasiwa ng protektadong lugar.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
3. Pagpapatupad ng batas	Walang kapasidad o kakayahan ang mga staff upang maipatupad sa protektadong lugar ang mga batas, regulasyon o panuntunan nito.	0			
May kakayahan ba ang staff (iyong may responsibilidad na mangasiwa o mamahala sa protektadong lugar) na mabisang maipatupad ang mga batas nito?	Malaki ang kakulangan sa kakayahan o kapasidad ng staff na ipatupad sa protektadong lugar ang mga batas, regulasyon o panuntunan nito (hal. kakulangan sa kaalaman, walang budget sa pagpatrol, kakulangan sa suportang institusyonal).	1			
	May sapat at katanggap-tanggap na kakayahan o kapasidad ang staff na ipatupad sa protektadong lugar ang mga batas, regulasyon o panuntunan nito, subalit mayroon pa ring ilang kakulangan sa wastong pagpapatupad ng mga ito.	2			
Input	May mabisang kakayahan at mahusay na kapasidad ang staff na ipatupad sa protektadong lugar ang mga pinaiiral na batas, regulasyon o panuntunan nito.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
4. Mga layunin ng protektadong lugar	Wala pang napagkaisahang matitibay na layunin para sa protektadong lugar.	0			
	Mayroon nang mga pinagkaisahang layunin para sa protektadong lugar, subalit hindi naaayon sa mga layuning ito ang pangangasiwa ng protektadong lugar.	1			
Pinangangasiwaan ba ang protektadong lugar nang naaayon sa mga pinagkaisahang layunin nito?	Mayroon nang mga pinagkaisahang layunin ang protektadong lugar, subalit ang pangangasiwa ng protektadong lugar ay hindi pa ganap na naaayon sa mga itinakdang layuning ito.	2			
Pagpaplano	Mayroon nang mga pinagkaisahang layunin ang protektadong lugar, at napangangasiwaan ang protektadong lugar nang ganap na naaayon sa mga itinakdang layuning ito.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
5. Disenyo ng protektadong lugar	Ang mga kakapusan, kakulangan o maling disenyo ng protektadong lugar ay malaking dahilan kaya napakahirap matupad o makamit ang mga pangunahing layunin ng protektadong lugar.	0			
Akma, angkop at tama ba ang lawak, sukat, at hugis ng protektadong lugar upang mapangalagaan nito ang mga species, kanlungan ng kalikasan (habitat), mga natural na prosesong ekolohikal, at iba pang pangunahing isyu ng konserbasyon?	Ang mga kakapusan, kakulangan o maling disenyo ng protektadong lugar ay malaking dahilan kaya napakahirap matupad o makamit ang mga pangunahing layunin ng protektadong lugar, subalit may ilang mahahalagang hakbang na isinasagawa upang maibsan ang mga kahinaang ito (hal. paggawa ng mga kasunduan sa mga may-ari ng katabing lupa o karatig-lugar para sa sabáng o daanan o tawiran ng mga hayop-iláng [wildlife corridors], o pagsasagawa ng mga akmang catchment management).	1			
	Ang disenyo ng protektadong lugar ay hindi ganap na nakahahadlang o nakasasagka sa pagkakamit ng mga layunin nito, subalit maaari pang maisaayos ang disenyong ito (hal. pagsasaayos upang matugunan ang mas malalawak na prosesong ekolohikal).	2			
Pagpaplano	Malaki ang naitutulong ng disenyo ng protektadong lugar upang ganap na makamit ang mga layunin nito; angkop ang disenyo nito para sa konserbasyon ng mga species at kanlungan ng kalikasan (habitat); at napananatili nito ang mga wastong prosesong ekolohikal, tulad ng wastong daloy ng tubig sa isang catchment area, hindi binabago ang mga natural na 'kaguluhan' o sigalot ng kalikasan, at iba pa.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
6. Paglalagay ng hanggahan o boundary ng protektadong lugar	Wala, o hindi alam o batid ng mga nangangasiwa, at maging ng mga mamamayan ng lugar at mga karatig o katabing lugar o ng mga gumagamit nito mismo, ang hanggahan, kung mayroon man, ng protektadong lugar.	0			
May demarkasyon ba ang hanggahan ng protektadong lugar, at batid ba o alam ang mga hanggahang ito?	Tanging ang mga nangangasiwa o namamahala lamang ng protektadong lugar ang nakakaalam sa mga hanggahan nito. Walang batid o hindi ito alam ng mga mamamayan ng lugar o karatig-lugar o ng iba pang gumagamit nito.	1			
	Alam o batid ang mga hanggahan ng protektadong lugar kapwa ng mga nangangasiwa o namamahala nito at ng mga mamamayan ng lugar o katabing lugar o ng mga gumagamit ng lugar, subalit walang malinaw at angkop na demarkasyon ang mga hanggahang ito.	2			
Pagpaplano	Alam o batid ang mga hanggahan ng protektadong lugar kapwa ng mga nangangasiwa o namamahala nito at ng mga mamamayan ng lugar o katabing lugar o ng mga gumagamit ng lugar, at may sapat, malinaw, at angkop na demarkasyon ang mga hanggahang ito.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
7. Plano sa pangangasiwa (*Management plan*)	Walang plano para sa pangangasiwa o pamamahala ng protektadong lugar.	0			
Mayroon bang plano sa pangagasiwa ng protektadong lugar, at naipatutupad ba ang planong ito?	Mayroong plano ng pangangasiwa sa protektadong lugar, subalit hindi ito naisasakatuparan.	1			
	Mayroong plano ng pangangasiwa sa protektadong lugar, subalit hindi ito ganap na naisasakatuparan dahil sa kakapusan sa pondo o dahil sa iba pang mga problema.	2			
Pagpaplano	Mayroong plano ng pangangasiwa sa protektadong lugar, at ganap itong naisasakatuparan sa lugar.	3			
Karagdagang puntos: Pagpaplano					
7a. Proseso ng pagpaplano	Nagbibigay ang proseso ng pagpaplano ng sapat na pagkakataon para sa mga pangunahing stakeholder na makapag-ambag sa pangangasiwa ng plano.	+1			
7b. Proseso ng pagpaplano	Mayroong nakatakdang panahon at nakalatag na proseso para sa napapanahong pagrepaso (*review*) at pagpapaunlad ng plano ng pangangasiwa.	+1			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
7c. Proseso ng pagpaplano	Tiyak at masinop na naiaangkop o naisasama ang mga resulta ng pagbabantay (*monitoring*), pananaliksik (*research*), at pagtatasa (*evaluation*) sa pagpaplano.	+1			
8. Regular na plano ng trabaho o mga gawain	Wala ni anumang plano para sa mga trabaho o gawain para sa protektadong lugar.	0			
Mayroon bang regular na plano para sa trabaho o mga gawain, at naisasakatuparan ba ang planong ito?	Mayroong plano para sa mga trabaho o gawain, subalit kaunti lamang sa mga planong ito ang naisasakatuparan.	1			
	Mayroong plano para sa mga trabaho o gawain, at marami sa mga planong ito ang naisasakatuparan.	2			
*Pagpaplano/Resulta (*Output*)*	Mayroong plano para sa mga trabaho o gawain, at lahat ng mga planong ito ay naisasakatuparan.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
9. Imbentaryo ng yaman ng kalikasan o likás-yaman (*resource*)	Wala o kulang ang alam na impormasyon tungkol sa mga kanlungan ng kalikasan (*habitat*) na nasa delikadong kondisyon, kabilang ang mga species na nasa ganito ring kondisyon o sitwasyon at mga importanteng pagpapahalagang kultural (*cultural values*) na posibleng mawala.	0			
Mayroon ba kayong sapat na impormasyon na maaari ninyong magamit sa pangangasiwa ng protektadong lugar?	Hindi sapat ang impormasyon tungkol sa mga kanlungan ng kalikasan (*habitat*) at *species* na nasa delikadong kondisyon, kabilang ang mga nanganganib na natural na prosesong nagaganap sa kalikasan (*ecological processes*) at mga importanteng pagpapahalagang kultural (*cultural values*) ng protektadong lugar, na makapag-aambang sana sa pagpaplano at paggawa ng mga desisyon.	1			
	May sapat na impormasyon tungkol sa mga kanlungan ng kalikasan (*habitat*) at *species* na nasa delikadong kondisyon, kabilang ang mga nanganganib na natural na prosesong nagaganap sa kalikasan (*ecological processes*) at mga importanteng pagpapahalagang kultural (*cultural values*) ng protektadong lugar, na nagagamit sa mga ilang tampok na isyu ng pagpaplano at paggawa ng mga desisyon.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
	May sapat na impormasyon tungkol sa mga kanlungan ng kalikasan (*habitat*) at species na nasa delikadong kondisyon, kabilang ang mga nanganganib na natural na prosesong nagaganap sa kalikasan (*ecological processes*) at mga importanteng pagpapahalagang kultural (*cultural values*) ng protektadong lugar, at nagagamit ang mga ito sa lahat ng pangunahing isyu ng pagpaplano at paggawa ng mga desisyon.	3			
10. Sistema ng pagbibigay ng proteksyon	Walang sistema ng proteksyon sa pagkontrol ng karapatan sa paggamit o aktuwal na paggamit ng likás-yaman. Kung mayroon mang anumang sistema ay hindi ito naipatutupad sa protektadong lugar.	0			
Mayroon bang mga nakatakdang sistema ng proteksyon sa pagkontrol ng karapatan sa paggamit o aktuwal na paggamit ng likás-yaman.	Mayroong mga sistema ng proteksyon sa pagkontrol ng karapatan sa paggamit o aktuwal na paggamit ng likás-yaman, subalit panaka-naka o paminsan-minsan lamang o ilan lamang sa mga laman ng mga sistemang ito ang naipatutupad.	1			
	Mayroong sistema ng proteksyon sa pagkontrol ng karapatan sa paggamit o aktuwal na paggamit ng likás-yaman, subalit maituturing na katamtaman lamang ang pagiging epektibo ng pagpapatupad ng mga sistemang ito.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Proseso/ Kahihinatnan (Outcome)	Mayroong sistema ng proteksyon sa pagkontrol ng karapatan sa paggamit o aktuwal na paggamit ng likás-yaman, at maituturing na ganap na epektibo ang pagpapatupad ng lahat ng laman ng mga sistemang ito.	3			
11. Pananaliksik	Walang survey o pananaliksik na isinasagawa sa protektadong lugar.	0			
Mayroon bang programa ng survey o pananaliksik na nakatuon o tumutugon sa pangangasiwa ng protektadong lugar?	Mayroong kaunting survey o pananaliksik na isinasagawa sa protektadong lugar, subalit hindi ito nakatuon o tumutugon sa pangangailangan ng pangangasiwa ng protektadong lugar.	1			
	Mayroong sapat-sapat na survey o pananaliksik na isinasagawa sa protektadong lugar, subalit hindi pa rin ito nakatuon o tumutugon sa pangangailangan ng pangangasiwa ng protektadong lugar.	2			
Proseso	Mayroong komprehensibo at ganap na survey o pananaliksik na isinasagawa sa protektadong lugar, at naiaangkop at maituturing na mahalaga ang mga ito sa mga pangangailangan ng pangangasiwa ng protektadong lugar.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
12. Pangangasiwa ng likás-yaman (*resource*)	Wala o hindi naisasagawa ang aktibong pangangasiwa ng protektadong lugar.	0			
Naisasakatuparan ba ang aktibong pangangasiwa ng likás-yaman?	Kaunti lamang ang naisasakatuparan upang matugunan ang mga pangangailangan ng aktibong pangangasiwa ng protektadong lugar, lalo sa mga kanlungan ng kalikasan (*habitat*) na nasa delikadong kondisyon, o sa mga nanganganib nitong *species*, kabilang ang mga nanganganib na natural na prosesong nagaganap sa kalikasan (*ecological processes*) at mga importanteng pagpapahalagang kultural (*cultural values*) ng protektadong lugar.	1			
	Maraming natutugunang pangangailangan sa aktibong pangangasiwa ng protektadong lugar, lalo sa mga kanlungan ng kalikasan (*habitat*) na nasa delikadong kondisyon, o sa mga nanganganib nitong *species*, kabilang ang mga nanganganib na natural na prosesong nagaganap sa kalikasan (*ecological processes*) at mga importanteng pagpapahalagang kultural (*cultural values*) ng protektadong lugar, subalit hindi pa rin nito sapat na natutugunan ang iba pang mahahalagang isyu ng proteksyon ng lugar.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Proseso	Akma at ganap na natutugunan ang lahat ng pangangailangan sa aktibong pangangasiwa ng protektadong lugar, lalo sa mga kanlungan ng kalikasan (*habitat*) na nasa delikadong kondisyon, o sa mga nanganganib nitong *species*, kabilang ang mga nanganganib na natural na prosesong nagaganap sa kalikasan (*ecological processes*) at mga importanteng pagpapahalagang kultural (*cultural values*) ng protektadong lugar.	3			
13. Bilang ng *staff*	Walang *staff*.	0			
Mayroon bang sapat na tao na makapangangasiwa ng protektadong lugar?	Hindi sapat ang bilang ng *staff* o empleyado upang matugunan ang mga importanteng gawain sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	1			
	Mababa ang antas ng pagtatrabaho ng *staff* o mga empleyado para sa mga mahahalagang gawain sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	2			
Input	May sapat na bilang ng *staff* o empleyado na mabisang nakatutugon sa mga pangangailangan ng pangangasiwa ng protektadong lugar.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
14. *Training* o pagsasanay ng *staff*	Walang sapat na kasanayan ang *staff* upang mapangasiwaan ang protektadong lugar.	0			
May sapat bang *training* o pagsasanay ang *staff* upang matugunan ang mga layunin ng protektadong lugar?	Mababa ang antas ng kasanayan ng *staff* at hindi sapat ang kanilang pagsasanay upang matugunan ang mga pangangailangan ng pangangasiwa ng protektadong lugar.	1			
	May sapat na antas ng kasanayan at may sapat na pagsasanay ang *staff*, subalit kailangan pang paunlarin ang mga kasanayang ito o dagdagan ang mga pagsasanay upang ganap na matugunan ang mga layunin ng pangangasiwa ng protektadong lugar.	2			
Input/Proseso	Ang mga pagsasanay at kasanayan ng *staff* ay akma upang matugunan ang mga pangangailangan ng pangangasiwa ng protektadong lugar.	3			
15. Kasalukuyang pondo (*budget*)	Walang pondo sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	0			
Sapat ba ang kasalukuyang pondo?	Hindi sapat ang nakalaang pondo upang matugunan ang mga batayang pangangailangan sa pangangasiwa ng protektadong lugar, bagay na nagdudulot ng seryosong sagka o hadlang (*constraint*) sa kapasidad na mangasiwa.	1			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
	Sapat-sapat ang nakalaang pondo, subalit maaari pa itong pagyamanin upang ganap na maisagawa ang epektibong pangangasiwa ng protektadong lugar.	2			
Input	Sapat ang nakalaang pondo upang ganap na matugunan ang mga pangangailangan sa epektibong pangangasiwa ng protektadong lugar.	3			
16. Katiyakan sa pondo (*security of budget*)	Walang tiyak na nakalaang pondo para sa pangangasiwa ng protektadong lugar. Hindi tiyak ang pinagmumulan ng pondo, manaka-naka lamang ang pagkakaroon ng pondo, at kung mayroon man, ay lagi itong nakasalalay sa mga suportang galing sa labas.	0			
May katiyakan ba sa pondo?	Napakaliit lamang ng nakalaang pondo para sa protektadong lugar, at hindi maproproteksyunan at mapangangasiwaan ang lugar kung walang suportang pondo buhat sa labas.	1			
	Mayroong katanggap-tanggap na nakalaang pangunahing pondo para sa regular na operasyon ng pangangasiwa ng protektadong lugar, subalit ang maraming malikhaing inobasyon o inisyatiba sa pangangasiwa ay nakasalalay sa mga suportang pondo buhat sa labas.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Input	May tiyak na nakalaang pondo para sa protektadong lugar at sapat ang nakalaang pondong ito para sa lahat o halos lahat ng pangangailangan ng lugar.	3			
17. Pamamahala ng pondo	Burara, walang ingat o di-wasto ang pamamahala ng pondo, at malala ang dulot nitong epekto sa pangangasiwa ng protektadong lugar (hal. paglabas ng pondo nang lagpas sa takdang panahon).	0			
Maayos bang napapamahalaan o nagagamit ang pondo para matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng pangangasiwa ng protektadong lugar?	Mahina ang pamamahala ng pondo, at dahilan ito upang hindi maging epektibo ang pangangasiwa ng protektadong lugar.	1			
	Sapat ang pamamahala ng pondo, subalit maaari pa itong paunlarin.	2			
Proseso	Wasto at sapat ang pamamahala ng pondo upang matugunan ang lahat o halos lahat ng pangangailangan sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
18. Mga kagamitan	Wala, halos wala, o kaunting-kaunti ang mga kagamitan o pasilidad upang matugunan ang mga pangangailangan sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	0			
May sapat bang kagamitan para sa mga pangangailangan ng pangangasiwa?	Mayroon namang ilang kagamitan o pasilidad, subalit hindi sapat ang mga ito upang matugunan ang mga pangangailangan sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	1			
	Mayroong mga kagamitan o pasilidad, subalit mayroon pa ring ilang hadlang o kakapusan (*gaps*; hal. bilang, kalidad o kapasidad ng mga kagamitan o pasilidad na ito) na nakakaapekto sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	2			
Input	May sapat at mga akmang kagamitan at pasilidad.	3			
19. Pangangalaga ng mga kagamitan	Wala, halos wala, o maliit lamang ang nakaukol na pangangalaga sa mga kagamitan at pasilidad.	0			
Maayos bang napapangalagaan ang mga kagamitan?	May panaka-naka (*ad hoc*) o paminsan-minsang pag-uukol ng pangangalaga sa mga kagamitan at pasilidad.	1			
	Mayroong payak, sapat-sapat o pangkaraniwang pangangalaga ng mga kagamitan at pasilidad.	2			
Proseso	Maayos at regular na napapangalagaan ang mga kagamitan at pasilidad.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
20. Pangangalaga ng mga kagamitan	Walang programa para sa karagdagang pag-aaral o pagtataas ng kaalaman tungkol sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	0			
Mayroon bang planadong programa para sa karagdagang pag-aaral na nakaugnay sa mga layunin at pangangailangan ng pangangasiwa ng protektadong lugar?	Minsan lamang ang pagkakaroon ng karagdagang pag-aaral o programa upang mapataas ang kaalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	1			
	Mayroong karagdagang pag-aaral o pagpapataas ng kaalaman sa pangangasiwa, subalit kaunti lamang ang natutugunan o hindi nito sapat na natutugunan ang mga pangangailangan ng pangangasiwa. Sa kabila nito, maaari namang mapaunlad ang mga karagdagang pag-aaral na ito.	2			
Proseso	Mayroong nakalatag at ganap na naipatutupad na akmang programang pang-edukasyon o karagdagang pag-aaral upang mapataas ang kaalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
21. Pagpaplano sa paggamit ng lupa at tubig	Hindi naisasaalang-alang ang mga pangangailangan ng protektadong lugar sa mga pagpaplano ng mga maaaring gawin sa mga katabing lupa o tubig. Masama ang epektong dulot ng mga patakaran, gawain, at iba pang nagaganap na aktibidad sa mga katabing lupa o tubig sa pagliligtas ng protektadong lugar.	0			
Isinasaalang-alang ba at nakatutulong ang mga pagpaplano ng mga paggamit ng katabing lupa at tubig sa pagkamit ng mga layunin ng protektadong lugar?	Hindi naisasaalang-alang ang mga pangmatagalang pangangailangan ng protektadong lugar sa mga pagpaplano ng mga maaaring gawin sa mga katabing lupa o tubig, subalit ang mga aktibidad sa mga lugar na ito ay hindi naman nakasasama sa protektadong lugar.	1			
	Paminsan-minsan ay naisasaalang-alang ang mga pangmatagalang pangangailangan ng protektadong lugar sa mga pagpaplano ng mga maaaring gawin sa mga katabing lupa o tubig.	2			
Pagpaplano	Laging isinasaalang-alang ang mga pangmatagalang pangangailangan ng protektadong lugar sa mga pagpaplano ng mga maaaring gawin sa mga katabing lupa o tubig.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Mga karagdang punto: Pagpaplano sa lupa at tubig					
21a: Pagpaplano sa lupa at tubig para sa pangangalaga ng kanlungan ng kalikasan (habitat conservation)	Isinasama ang mga kaukulang probisyon upang pangalagaan ang mga kondisyong pangkapaligiran (hal. dami, kalidad, at wastong tiyempo o napapanahon (*timing*) na daloy ng tubig, mababang antas ng polusyon, atbp) sa mga pagpaplano at pangangasiwa ng mga banâ o lugar na nag-iimbak ng tubig (*catchment*) at ng kabuuang landscape na sumasakop sa protektadong lugar upang matiyak o maseguro ang kalusugan ng mga akmang kanlungan ng kalikasan (*habitat*).	+1			
21b: Pagpaplano ng lupa at tubig para mapanatili ang mga ugnayan ng buhay	Maayos at akmang pangangasiwa ng mga sabáng o daanan o tawiran (*corridors*) na nag-uugnay sa protektadong lugar sa mga lugar na labas sa protektadong lugar na ginagamit ng mga hayop-iláng (*wildlife*) sa kanilang paglilipat-lipat ng lugar (hal. upang hayaang malayang lumangoy ang mga isda, lalo ang mga *migratory fish*, sa mga likás nitong languyan mula sa lugar kung saan sila nangingitlog tungo sa ibang bahagi ng dagat, o sa paglipat-lipat ng tirahan [*migration*] ng mga hayop, isda, at iba pa).	+1			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
21c: Pagpaplano ng lupa at tubig para sa mga serbisyong pangkalikasan at konserbasyon ng mga *species*	"Tinutugunan ng pagpaplano ang mga kagyat na pangangailangan ng mga ispesipikong *species*, at ang antas ng pagpaplano ay saklaw ang kabuuang ekosistema, hal. dami, kalidad, at wastong tiyempo o napapanahon (*timing*) na daloy ng tubig-tabang upang mapangalagaan ang buhay ng mga *species*, mga pangangasiwa na may kinalaman sa pagpigil ng apoy upang mapangalagaan ang mga habitat tulad ng mga kapatagang madamo (*savannah*), atbp."	+1			
22. Estado o pamahalaan at mga kapitbahay o katabing komersyo	Wala ni anumang ugnayan sa pagitan ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar at ng mga gumagamit ng lupa at tubig sa mga katabing lugar.	0			
	Mayroong ugnayan, subalit mababa o maliit lamang ang kooperasyon o pagtutulungang ito sa pagitan ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar at ng mga gumagamit ng lupa at tubig sa mga katabing lugar.	1			
Mayroon bang pakikipagtulungan sa mga gumagamit ng katabing lupa at tubig?	Mayroong ugnayan, subalit hindi ganap ang kooperasyon o pagtutulungang ito sa pagitan ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar at ng mga gumagamit ng lupa at tubig sa mga katabing lugar.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Proseso	Mayroong ugnayan, at ganap at makabuluhan ang kooperasyon o pagtutulungang ito sa pagitan ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar at ng mga gumagamit ng lupa at tubig sa mga katabing lugar.	3			
23. Mga katutubo	Walang input o kontribusyon ang mga katutubo (*indigenous people*) at mga taál o orihinal sa lugar (*traditional people*) sa mga desisyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	0			
May input ba o kontribusyon ang mga katutubong grupo (*indigenous people*) at mga taál o orihinal sa lugar (*traditional people*) sa mga desisyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar?	Mayroong konting input o kontribusyon ang mga katutubo (*indigenous people*) at mga taál o orihinal sa lugar (*traditional people*) sa mga diskusyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar, subalit wala silang direktang papel o ginagampanang tungkulin sa pangangasiwa.	1			
	Mayroong direktang input o kontribusyon ang mga katutubo (*indigenous people*) at mga taál o orihinal sa lugar (*traditional people*) sa mga mahahalagang desisyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar, subalit maaari pang paunlarin o pag-ibayuhin ang kanilang pakikisangkot sa pangangasiwa.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Proseso	Direktang nakikisangkot ang mga katutubo (*indigenous people*) at mga taál o orihinal sa lugar (*traditional people*) sa lahat ng mahahalagang desisyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar, hal. katuwang sa pangangasiwa (*co-management*).	3			
24. Mga lokal na komunidad	Walang *input* o kontribusyon ang mga lokal na komunidad o mga regular na residenteng naninirahan sa loob o malapit sa protektadong lugar sa mga desisyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	0			
May *input* ba o kontribusyon ang mga lokal na komunidad o mga regular na residenteng naninirahan sa loob o malapit sa protektadong lugar sa mga desisyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar?	Mayroong kaunting *input* o kontribusyon ang mga lokal na komunidad o mga regular na residenteng naninirahan sa loob o malapit sa protektadong lugar sa mga diskusyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar, subalit wala silang direktang papel o ginagampanang tungkulin sa pangangasiwa.	1			
	Mayroong direktang *input* o kontribusyon ang mga lokal na komunidad o mga regular na residenteng naninirahan sa loob o malapit sa protektadong lugar sa mga mahahalagang desisyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar, subalit maaari pang paunlarin o pag-ibayuhin ang kanilang pakikisangkot sa pangangasiwa.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Proseso	Direktang nakikisangkot ang mga lokal na komunidad o mga regular na residenteng naninirahan sa loob o malapit sa protektadong lugar sa lahat ng mahahalagang desisyong may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar, hal. katuwang sa pangangasiwa (*co-management*).	3			
Mga karagdagang punto: Lokal na komunidad/mga katutubong mamamayan					
24a. Impluwensya (*impact*) sa mga komunidad	May malayang komunikasyon at may pagtitiwala sa isa't isa ang mga lokal na komunidad, katutubo, mga may interes sa protektadong lugar, at mga nangangasiwa ng protektadong lugar.	+1			
24b. Impluwensya (*impact*) sa mga komunidad	Naipatutupad ang mga programang nagtataguyod ng kapakanan o serbisyong pangkomunidad, habang maayos na naisasagawa ang pangangalaga sa mga likás-yaman ng protektadong lugar.	+1			
24c. Impluwensya (*impact*) sa mga komunidad	Aktibong sinusuportahan ng mga lokal na komunidad at katutubo ang protektadong lugar.	2			
25. Benepisyong pang-ekonomiya	Walang naidudulot ang protektadong lugar ng anumang benepisyong pang-ekonomiya para sa mga lokal na komunidad.	0			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Nagdudulot ba o nagbibigay ang protektadong lugar ng benepisyong pang-ekonomiya sa mga lokal na komunidad, hal. suweldo, trabaho, bayad sa mga serbisyong pangkalikasan?	Kinikilala ang mga potensyal o posibleng benepisyong pang-ekonomiya, at gumagawa ng mga plano upang makamit ang mga bagay na ito.	1			
	Mayroon nang kaunting benepisyong pang-ekonomiya na naidudulot o naibibigay sa mga lokal na komunidad.	2			
*Kahihinatnan (*Outcome*)*	Mayroong malaking tulong o benepisyong pang-ekonomiya na naidudulot o naibibigay sa mga lokal na komunidad bunga ng mga gawaing may kinalaman sa protektadong lugar.	3			
26. Pagsubaybay (*monitoring*) at ebalwasyon (*evaluation*)	Walang pagsubaybay (*monitoring*) at ebalwasyon (*evaluation*) ng protektadong lugar.	0			
Ang mga pagsubaybay ba sa mga gawain ng protektadong lugar ay naiuugnay o naiaangkla sa operasyon o paggampan nito sa mga dapat nitong nagagawa?	Mayroong panaka-naka (*ad hoc*) o paminsan-minsang pagsubaybay (*monitoring*) at ebalwasyon (*evaluation*) ng protektadong lugar, subalit walang pangkalahatang paraan ng regular na koleksyon ng mga resulta.	1			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
	Mayroong pinagkaisahan at ipinatutupad o isinasagawang sistema ng pagsubaybay (*monitoring*) at ebalwasyon (*evaluation*) ng protektadong lugar, subalit ang mga resulta ay hindi naiaangkop at naiaakma sa pangangasiwa ng protektadong lugar.	2			
Pagpaplano/Proseso	Mayroong maayos na pinagkaisahan at ipinatutupad o isinasagawang sistema ng pagsubaybay (*monitoring*) at ebalwasyon (*evaluation*) ng protektadong lugar, at nagagamit ang mga resulta nito sa angkop at akmang pangangasiwa ng protektadong lugar.	3			
27. Pasilidad para sa mga bisita	Walang anumang pasilidad o serbisyo para sa mga bisita sa kabila ng pagkakatukoy sa pangangailangan para sa mga bagay na ito.	0			
Sapat ba ang mga pasilidad para sa mga bisita?	Hindi akma o sapat ang kasalukuyang antas o kalidad ng mga pasilidad at serbisyo para sa bilang at pangangailangan ng mga bisita.	1			
	Sapat-sapat ang mga pasilidad at serbisyo para sa bilang at pangangailangan ng mga bisita, subalit maaari pang paunlarin o gawing maayos ang mga bagay na ito.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
*Resulta (*Output*)*	Kapuri-puri at maipagmamalaki ang mga pasilidad at serbisyo para sa kasulukuyang antas ng pangangailangan ng mga bisita.	3			
28. Mga negosyanteng nagpapatakbo ng turismo	Walang komunikasyon, koordinasyon o ugnayan ang mga nangangasiwa ng protektadong lugar at mga negosyanteng nagpapatakbo ng turismo sa gumagamit ng mga bahagi ng protektadong lugar.	0			
Nakatutulong ba ang mga negosyanteng nagpapatakbo ng turismo sa pangangasiwa ng protektadong lugar?	Mayroong komunikasyon, koordinasyon o ugnayan ang mga nangangasiwa ng protektadong lugar at mga negosyanteng nagpapatakbo ng turismo sa lugar, subalit ito ay nakatuon lamang sa mga usaping administratibo o sa mga bagay na may kinalaman sa regulasyon.	1			
	Mayroong limitado o maliit na kooperasyon sa pagitan ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar at mga negosyanteng nagpapatakbo ng turismo sa lugar sa pagsisikap na pagandahin ang karanasan ng mga bisita at mapanatili ang mga pagpapahalaga ukol sa protektadong lugar.	2			
*Resulta (*Output*)*	Mayroong magandang kooperasyon sa pagitan ng mga nangangasiwa ng protektadong lugar at mga negosyanteng nagpapatakbo ng turismo sa lugar upang higit na mapaganda ang karanasan ng mga bisita at mapanatili ang mga pagpapahalaga ukol sa protektadong lugar.	3			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
29. Mga perang sinisingil	Bagamat mayroong dapat na mga binabayaran o perang sinisingil, hindi naman nakokolekta ang mga ito.	0			
Nakatutulong ba ang mga nakokolektang singil (hal. *entrance fees* o bayad sa mga paglabag) sa pangangasiwa ng protektadong lugar?	Nakakakolekta ng mga singil, subalit hindi ito nagagamit para sa protektadong lugar at sa mga lugar na nakapaligid rito.	1			
	Nakakakolekta ng mga singil, at nakatutulong ito nang kaunti sa protektadong lugar at sa mga lugar na nakapaligid rito.	2			
Mga Input*/Proseso*	Nakakakolekta ng singil, at malaki ang naiaambag nitong tulong o kontribusyon sa protektadong lugar at sa mga lugar na nakapaligid rito.	3			
30. Mga batayan o katangian ng mga pagpapahalaga (*condition of values*)	Maraming mga bagay sa samu't saring buhay (*biodiversity*) at mga pagpapahalaga sa ekolohiya at kultura ang malubhang nawawasak, nasisira, o napababayaan.	0			
Ano ang mga batayan o katangian ng mga pagpapahalaga sa protektadong lugar kumpara noong bago ito maideklarang protektado?	Mayroong ilang mga bagay sa samu't saring buhay (*biodiversity*) at mga pagpapahalaga sa ekolohiya at kultura ang malubhang nawawasak, nasisira, o napababayaan.	1			
	Mayroong ilang mga bagay sa samu't saring buhay (*biodiversity*) at mga pagpapahalaga sa ekolohiya at kultura ang katamtamang nawawasak, nasisira, o napababayaan, subalit ang mga pinakaimportane sa mga ito ay hindi ganap na masamang naaapektuhan.	2			

Isyu	Pamantayan (*Criteria*)	Score: Lagyan ng markang √ (tsek) ang isang sagot lamang sa bawat tanong.		Komento/Paliwanag	Mga susunod na hakbang
Mga Kahihinatnan (Outcomes)	Sa pangkalahatan, buo pa ang kondisyon ng samu't saring buhay (*biodiversity*) at matatag pa ang mga pagpapahalaga sa ekolohiya at kultura.	3			
Mga karagdagang punto: Mga batayan o katangian ng mga pagpapahalaga (condition of values)					
30a: Mga batayan o katangian ng mga pagpapahalaga (*condition of values*)	Nakabatay ang paglalagom at paghahalaw ng aral (*assessment*) sa pananaliksik at/o pagsubaybay sa protektadong lugar.	+1			
30b: Mga batayan o katangian ng mga pagpapahalaga (*condition of values*)	Ipinatutupad ang mga tiyak na programang may kinalaman sa pangangasiwa ng protektadong lugar upang maharap o masolusyonan ang mga isyu o problemang tungkol sa samu't saring buhay (*biodiversity*) at sa mga pagpapahalaga sa ekolohiya at kultura.	+1			
30c: Mga batayan o katangian ng mga pagpapahalaga (*condition of values*)	Karaniwang ginagawa sa pangangasiwa ng protektadong lugar ang pagkakaroon ng mga aktibidad upang mapanatili ang maayos na kondisyon ng samu't saring buhay (*biodiversity*) at mapanatili ang magaganda at angkop na mga pagpapahalaga sa ekolohiya at kultura.	+1			
KABUUANG SCORE					